
# Programa sa Pag-iwas sa Aksidente (Accident Prevention Program/APP)

Ang bawat employer sa estado ng Washington ay kinakailangang gumawa ng nakasulat na **Programa sa Pag-iwas sa Aksidente** upang matugunan ang mga panganib sa kaligtasan at kalusugan na matatagpuan sa kanilang lugar ng trabaho.

**Ang nakasulat na Programa sa Pag-iwas sa Aksidente ay ang plano ninyo para maiwasan ang mga pinsala at sakit na may kaugnayan sa trabaho sa inyong adult family home.**




## Mga Bahagi ng Programa sa Pag-iwas sa Aksidente

- Pangkalahatang pagpapakilala sa trabaho tungkol sa mga kailangang malaman ng mga manggagawa upang ligtas nilang magampanan ang kanilang mga paunang tungkulin sa trabaho habang nasa aktuwal na trabaho (on-the-job).
- Pangkalahatang paliwanag ng inyong programa sa kaligtasan at kalusugan kabilang ang mga kinakailangang pagpupulong o komite sa kaligtasan.
- Paano at kailan mag-ulat ng mga pinsala sa lugar ng trabaho.
- Paano mag-ulat ng mga hindi ligtas na kondisyon at kasanayan sa trabaho.
- Lokasyon ng mga pasilidad sa pangunang lunas (first aid) kabilang ang lokasyon ng mga first aid kit.
- Tamang paggamit at pag-aalaga ng personal protective equipment at iba pang kagamitang pangkaligtasan.
- Ano ang gagawin sa oras ng emergency (sunog, lindol, atbp.), kabilang ang ligtas na paglikas mula sa lugar ng trabaho.
- Impormasyon kung paano matukoy ang mga mapanganib na kemikal, gamot, o sangkap na ginagamit sa lugar ng trabaho at ang mga pang-emergency na hakbang na dapat gawin kapag na-expose.

Pumunta sa **https://adultfamilyhomecouncil.org/safety-manual** upang ma-access ang editable Accident Prevention Program template na ginawa para sa Adult Family Homes.